

Kaligtasan muna

MGA PAMAMARAANG PANG-EMEGENCY



LOCKDOWN

Ang panganib ay nasa loob. Nakakandado ang loob at labas ng mga pinto. Walang sinumang makakapasok o makakaalis sa gusali. Nasa lugar na hindi abat-tanaw ang mag-aaral at kawani. Naka-off ang lahat ng ilaw at cell phone.



I-HOLD AT I-SECURE

Ang panganib ay nasa labas. Nasa loob ang lahat ng mag-aaral at kawani. Nakakandado ang lahat ng labas ng mga pinto. Walang sinumang makakapasok o makakaalis sa gusali. Nagpapatuloy ang lahat ng klase sa loob ng paaralan.



RELOKASYON

Sitwasyong pang-emergency. Ligtas at tahimik na lisanin ang gusali. Pupunta sa lugar ng pulungan sa labas ng paaralan ang mga mag-aaral at kawani. Lahat ng personal na gamit ay iiwan, maliban sa mga cell phone.

Ang mga pamamaraang ito ay nalalapat sa lahat ng gusali at paaralan sa distrito ng paaralan ng Francophone Sud.

Kaligtasan Muna

Pakikipagtalastasan sa mga magulang sa isang sitwasyong pang-emergency

- Ang priyoridad ng mga paaralan ay makitang ligtas ang mag-aaral at kawani. Sa sitwasyong emergency, hindi tutugon ang mga paaralan sa anumang paghiling ng impormasyon at hindi magpapadala sa mga magulang ng anumang impormasyon.
- Kokontakin ng distrito ng paaralan ng Francophone Sud ang mga magulang sa pamamagitan ng mga e-mail, text message, sa website, o lokal na medya.
- Tandaan na lahat ng detalye ay hindi puwedeng ihayag para hindi makompromiso ang kaligtasan ng mga taong sangkot o mapakialaman ang isinasagawang proseso ng imbestigasyon.
- Pagkatapos ng insidente, magbabahagi ng karagdagang impormasyon at gagawa ng follow-up direkta sa mga alalahanin ng pamilya sa pamamagitan ng angkop na paraan ng komunikasyon.

Napapanahon ba ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan?

- Makakatanggap ng mensaheng impormasyon ang mga magulang at tagapangalaga sa pamamagitan ng impormasyon sa pakikipag-ugnayang ibinigay sa paaralan sa pasimula ng taon ng paaralan na nasa talaan ng impormasyon ng mag-aaral.
- Pananagutan ng mga magulang at tagapangalaga ang pagpapanatiling napapanahon ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa buong taon ng paaralan.
- Kung ang impormasyong ibinigay sa paaralan sa pasimula ng taon ng paaralan ay magbabago sa taong iyon, dapat itong ipaalam sa paaralan dahil gagamitin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na nasa talaan ng mag-aaral para kontakin ang mga magulang o tagapangalaga sa panahon ng emergency.

Impormasyon: <https://francophonesud.nbed.nb.ca/district-scolaire/protocole-d-urgence>



District scolaire
francophone Sud

Apprendre. Grandir. Devenir.